Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 152-T'07

**KAPASIYAHANG INILILIPAT ANG HALAGANG P15,000.00 MULA SA PONDO SA REPRESENTATION EXPENSE PATUNGO SA PONDO SA REPAIR OF OFFICE PAREHONG NASA PONDO SA MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN NG TANGGAPAN NG PANG. PUNONG BAYAN UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAPINTURA NG BUBONG AT DINGDING SA LABAS NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** magiging maayos at kasiya-siyang mamasdan ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan kung paglalaanan ng pagpapahalaga ang labas na kaanyuan sa kabila ng katagalan at kalumaan na nito;

**SAPAGKA'T,** isa itong tanggapan na nakabungad at nakalantad sa pamayanan ang lawak at halaga ng paglilingkuran;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 17-T'07

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

**SEKSYON 1** – Ilipat ang halagang P15,000.00 mula sa pondo sa Representation Expense patungo sa pondo sa Repair of Office parehong nasa pondo sa Mentinansya at Iba Pang Gugulin ng Tanggapan ng Pang. Punong Bayan upang magamit sa pagpapapintura ng bubong at dingding sa labas ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

*Jeanette P. Alfonso*
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan